email: uma.pilipinas@gmail.com | www.umapilipinas.wordpress.com | twitter: @UMApilipinas

# Ang UMA

OPISYAL NA PUBLIKASYON NG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

Ika-7 Isyu (Filipino / English) Taon XII, Blg. 2 | Enero - Hunyo 2017

Sa Isyung Ito

**NAT'L FEDERATION OF SUGAR WORKERS** MULING ITINATAG BILANG PAMBANSANG PEDERASYON

4 NFSW

**PEACE TALKS** ANG COMPREHENSIVE AGREEMENT ON SOCIO-ECONOMIC REFORMS

6 CASER

**#STOP**KILLING**FARMERS:** KAMPANYA LABAN SA PAMAMASLANG SA MGA MAGSASAKA

5 SKF

**MARTIAL LAW:** NATIONAL INTERFAITH HUMANITARIAN MISSION INILUNSAD SA MINDANAO

3 NIHM

## BUWAGIN ANG MGA HACIENDA!

***Okupahin at bungkalin ang mga hacienda at plantasyon!***



**PYUDALISMO, IBAGSAK!** LARAWAN MULA SA HACIENDA LUISITA, ABRIL 24, 2017

Nananawagan ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at iba pang militanteng organisasyon ng mga magbubukid na paigtingin ang pakikibaka laban sa sistemang hacienda: okupahin at bungkalin ang mga hacienda at plantasyon sa buong bansa!

Ang problema sa lupa ang isa sa mga ugat ng kaguluhan sa bansa. Pinalalala ito ng mga patakarang neoliberal na idinidikta ng mga imperyalistang bansa at sinusuportahan ng lokal na naghaharing uri.

Agresibo at marahas ang pangangamkam ng lupa ng malalaking lokal at dayuhang agrikorporasyon para sa ekspansyon ng mga plantasyon. Malawakan din ang pagpapalit-gamit ng lupa o land use conversion na nagbibigay daan sa real estate, turismo, pagmimina, proyekto sa enerhiya at iba pa.

>> PAHINA 2



*Matagumpay na inokupa ng mga myembro ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc o MARBAI sa Tagum City ang 145-ektaryang lupang kinakamkam ng Lapanday Corpoation nitong Mayo 18.*

**BUWAGIN <<** MULA SA PAHINA 1

Higit na lumalala ang pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala na sanhi ng gutom at pagdarahop ng karamihan. Matingkad ang kabiguan ng mga nagdaang programa sa reporma sa lupa ng gobyerno, kabilang ang CARP/ER.

Ang tatlong mayor na layunin ng kampanya sa pagbuwag at pag-okupa sa mga hacienda at plantasyon ay ang sumusunod: (1) Isulong ang kilusan para sa libreng pamamahagi ng lupa at tunay na repormang agraryo sa pamamagitan ng malawakang pagkakasa ng mga aksyong magsasaka sa mga hacienda at plantasyon. (2) Direktang mag-ambag sa pagpapalawak at pagpapalakas sa mga lokal na tsapter ng UMA at (3) Magkamit ng mga kongkretong tagumpay at pakinabang para sa masang magsasaka mula sa mga aksyong okupasyon at bungkalan sa mga hacienda at plantasyon.

Sa kasalukuyan, nakapagsagawa na ng mga okupasyon at bungkalan sa iba't ibang erya sa buong bansa. Isa sa pinakatampok ay nangyari nitong Mayo 18 sa Tagum City, Davao del Norte, nang mabawi ng 159 manggagawang-bukid na kasapi ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association Inc. (MARBAI) ang 145-ektaryang sagingan na kinamkam ng Lapanday Corporation. Sinuportahan ang MARBAI ng 5,000 magsasaka mula sa mga karatig-pook.

Tagumpay din ang mga manggagawang-bukid ng Hacienda Palico/Hacienda Roxas sa Nasugbu, Batangas nang magsagawa sila ng bungkalan nitong Hunyo 15-16. Inokupahan at nilinang ng mga myembro ng Damayan ng Manggagawang-Bukid sa Asyenda Roxas - National Federation of Sugar Workers (DAMBA-NFSW) ang aabot sa 5 ektarya ng lupain.

Higit pang lalawak ang kampanya sa pagbuwag ng mga hacienda lalo pa at ilulunsad ng KMP ang ika-8 Pambansang Kongreso nito mula Hulyo 12-13. Tiyak na matatasa at mapaghahalawan ng aral ang mga naikasang okupasyon ng mga magsasaka.

## SUMAMA SA PROTESTA SA SONA NI DUTERTE SA HULYO 24!

Ang UMA

**ISSUE STAFF:** GI ESTRADA, Media Officer; DANILO RAMOS, BUTCH LOZANDE, ANGIE IPONG, PATRICIA FOX, NADJA DE VERA, MARA MARASIGAN

PUBLISHED BY THE **UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA** (UMA Pilipinas - Federation of Agricultural Workers)
Mailing Address:
56 K-9th St., West Kamias, Quezon City, Philippines

For questions, comments, suggestions and contributions, contacts us at
landline: **(+632) 799.2009**
email: **uma.pilipinas@gmail.com**
twitter: **@UMApilipinas**
Find **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura** on Facebook

# MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL, TUTOL SA MARTIAL LAW!

Tinututulan ng mga manggagawang agrikultural at masang anakpawis ang Martial Law o Proclamation 216 ni Pangulong Rodrigo Duterte na idineklara nitong Mayo 23, o pagpapataw ng Martial Law sa buong Mindanao, para lupigin diumano ang Maute group at Abu Sayyaf Group (ASG).

Hindi batayan ang naganap sa Marawi City upang magdeklara si Pangulong Duterte ng Martial law sa buong Mindanao. Bago ang Mayo 23 at matapos ito, kapwa nagpahayag ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) na "kontrolado nila ang sitwasyon sa Lungsod ng Marawi."

Nakakasama ng epekto ng Martial Law sa mga ordinaryong sibilyan sa Mindanao, ayon sa ulat ng National Interfaith Humanitarian Mission (NIHM) na isinagawa nitong Hunyo 13-16. Ayon sa nakalap na datos, aabot na sa 325,294 ang internally displaced persons (IDPs) o mga bakwit mula sa mga lalawigan ng Lanao del Sur, Maguindanao at Davao del Sur.

Bukod sa Marawi, binobomba rin ng AFP ang mga komunidad ng magsasaka at katutubo sa Davao Oriental, Davao City, Bukidnon at North Cotabato. Idagdag pa rito ang marahas na pagbuwag ng pulis at militar sa piket ng mga manggagawa ng Shin Sun sa Compostela Valley. Ilang oras namang idinitine ng Task Force Davao sa isang checkpoint ang mga lider-magsasaka na sina Lito Lao, Jerry Alborme at Pedro Arnado; at si Hanimay Suazo ng KARAPATAN - Southern Mindanao Region (SMR).

Nagkakamali si Duterte sa akala na malulutas ang mga problema ng Mindanao sa pamamagitan ng Martial Law. Sa halip, lalo lamang tumitindi ang malawakang paglabag sa karapatang tao at kalayaang sibil na pangunahing kagagawan ng AFP, PNP at iba pang armadong pwersa ng estado.

Hindi Martial Law at militarisasyon ang sagot sa daan-taon nang problema ng sambayanan. Ang malakas na daing ng masang anakpawis ay tunay na reporma sa lupa, nakabubuhay na sahod, trabaho, benepisyo, tirahan at paggalang sa karapatang mabuhay nang marangal at payapa. Dapat lutasin ng gobyernong Duterte ang ugat ng kahirapan at armadong paglaban ng mamamayang Moro, at New Peoples Army (NPA). Dapat ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP.

Dapat pag-ibayuhin ng mga magbubukid ang pagtutol sa Martial Law ni Duterte sa Mindanao at palakasin ang paglaban sa anumang tangka na ipataw ito sa buong bansa. Ang mga naghaharing-uri at imperyalistang US pa rin ang pangunahing makikinabang sa Martial Law at pagkabigo ng Peace talks. Walang kapayapaang makakamit sa batas militar at panghihimasok ng US na itinutulak ng mga maka-imperyalista at ultra-Kanan na mga heneral at militarista sa gabinete ni Duterte, sa pangunguna ni Defense Secretary Delfin Lorenzana, AFP Chief Eduardo Ano, at National Security Adviser Hermogenes Esperon.

## *UMA, naging bahagi ng humanitarian mission sa Mindanao*

NAGING BAHAGI ANG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA Agrikultura (UMA) sa isinagawang National Interfaith Humanitarian Mission (NIHM) mula Hunyo 13-16.

Ang naganap na NIHM ay pagtugon sa nagaganap na krisis sa Marawi at buong Mindanao na nakapailalim sa Martial Law. Layon ng NIHM maisadokumento ang kalagayan ng mga mamamayang bulnerable sa iba't ibang porma ng paglabag sa karapatang pantao.

Nagsagawa rin ang NIHM ng relief operations, psychosocial activities at medical mission sa mga evacuation sites. Naitala naman ng UMA na kalakhan ng mga biktima ng militarisasyon at air-strikes sa labas ng Marawi ay mga magsasaka at mangagawang bukid. Ayon sa ulat, lumalabas na di lamang ang Maute o Abu Sayyaf group ang nagiging target ng mga operasyong militar, kundi pati ang mga sibilyan at kanilang mga komunidad.




# NFSW re-established amidst Martial Law declaration

The National Federation of Sugar Workers – Food and General Trade (NFSW-FGT), was reestablished as a nationwide federation through its 8th National Congress held May 30-31 in Bacolod City, Negros Occidental.

For several years, NFSW functioned as a regional federation with active member-unions and asociations in Negros Island. Around 150 delegates from prominent sugar areas across the country – including Bukidnon, Cotabato and Davao,where sugar workers are affected by the blanket Martial Law declaration in Mindanao – attended the NFSW Congress. Most delegates came from Negros Island, while representatives of sugar workers' unions and associations from Capiz, Batangas, Hacienda Luisita in Tarlac, Isabela, and Cagayan, vowed to strengthen the NFSW nationwide.

According to John Milton Lozande, secretary general of NFSW, sugar workers are resolute in the aim to consolidate the federation as the militant national federation to forward the interests and well-being of workers in the sugar industry, strengthen and sustain coordinated mass campaigns, and advance the mass movement to attain victories for sugar workers.

"The NFSW now adds its voice to the campaign against Martial Law in Mindanao and its possible nationwide implementation. Our ranks emulate the fierce stance of the NFSW founders who dared to stand against the Marcos dictatorship," said Lozande.

Sugar workers fear that the snag in the peace talks between the government and the National Democratic Front (NDF) would also embolden state security forces to further its repressive policy against organized workers, "But these unfortunate developments are not stopping NFSW from supporting the talks and pushing for genuine land reform and national industrialization. The roots of the armed conflict must be addressed for the country to achieve a just and lasting peace," said Lozande.

NFSW must take pride in its history against the US Marcos dictatorship, according to NDF Chief Political Consultant Jose Maria Sison, whose keynote speech was read on his behalf for the congress. Even when many members were arrested during the said period, NFSW persisted in its organizing work.

Because of its creative and daring organizing work, NFSW membership grew to 30,000 at the start of the 80s. NFSW was also a founding member of the Kilusang Mayo Uno, which was established in 1980. It could be said that NFSW's mass struggles contributed to the downfall of the US-Marcos dictatorship, which was ousted in a popular uprising




only months after the Escalante massacre in September 1985.

Luis Jalandoni, senior Senior Adviser to the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) Negotiating Panel shared his experience with the NFSW and its beginnings through a solidarity message. Jalandoni said that progressive priests like Fr. Hector Mauri, Padre Edgar Saguinsin and the Social Action Center which he then headed under the progressive and popular Archbishop Antonio Fortich and progressive youth activists of Khi Rho helped organize the NFSW. The new set of officers of NFSW are: Rolando Rillo–President; Nasiancino "Sonny" Roxas–Vice President; John Lozande–Secretary-General; Marilyn Hernandez – Treasurer; Reynaldo Gameng – Auditor. After the congress, NFSW led a protest march in downtown Bacolod against Duterte's Martial Law on June 1.

## *"Stop Killing Farmers" campaign launched*

ON MARCH 29, THE CAMPAIGN #STOPKILLINGFARMERS was launched at a press conference, to gather support for the victims and amplify calls to stop the militarization of rural communities. The need for this campaign was in response to the growing number of deaths and attacks on peasants and lumads even when martial law was not yet declared in Mindanao.

Up to that date, 65 killings of farmers under the Duterte administration had been documented. Most of the victims were activists opposed to mining, agribusiness plantations and militarization in their communities.

More than half of those killed were from Mindanao, particularly Compostela Valley. Among those killed was Ariel Diaz of DAGAMI-KMP, Isabela who had just returned from UMA's Sugar Workers Summit on August 30-31 in Metro Manila. Half of the killings happened after the Armed Forces of the Philippines (AFP) declared an "all-out war" against the New People's Army (NPA) on February 2.

The campaign organizers called for the withdrawal of military troops from peasant and indigenous peoples' communities as state forces are usually implicated in protecting interests of big landlords and foreign corporations against the rights of farmers and lumads to organize and struggle for social justice. They also called for accountability from perpetrators of the killings.

During the press conference, a Black Friday March was announced for March 31 to mourn and seek justice for the victims and their families. This was timed to coincide with the opening of the 4th round of Peace Talks between the NDFP and GRP on April 2 in the Netherlands. This round discussed social and economic reforms to address the roots of the armed conflict, particularly poverty and landlessness.

The 5th Round of talks, which was cancelled by the GRP was to take up agrarian reform and rural development to address particularly the issue of landlessness. Through the peace talks, neoliberal economic policies of the Duterte government will be challenged, as only with an economic model based on the specific needs of the Filipinos, particularly the peasants, can true justice, peace and democracy come about. The continuing peasant struggle, despite the harassments and killings is the major means of bringing this about.

# COMPREHENSIVE AGREEMENT ON SOCIO-ECONOMIC REFORMS (CASER)

***Batayan ng Makatarungan at Pangmatagalang Kapayapaan***

*Isang taon na mula nang magkaroon ng pag-asa ang sambayanan sa pagpapatuloy ng peace talks o usapang pangkapayapaan. Ang National Democratic Front of the Philippines o NDFP ay naghapag ng mga kongkretong solusyon sa gobyernong Duterte para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.*

Ang libreng pamamahagi ng lupa para sa mga nagbubungkal at pambansang industriyalisasyon ang pangunahing nilalaman ng Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms o CASER. Kung mapagtitibay bilang kasunduan sa pagitan ng gobyerno o GRP at NDFP, ito ay paunang hakbang sa paglutas ng pangunahing suliranin ng bansang mala-kolonyal at mala-pyudal na tulad ng Pilipinas.

Ang pambansang industriyalisasyon ang siyang tutugon sa pangangailangan ng iba pang sektor ng lipunan – manggagawa, mala-manggagawa, mga propesyonal at maliliit na negosyante. Layunin nitong magkaroon ng sariling industriya ang Pilipinas mula sa mga likas na yaman ng bansa. Ito ang tutugon sa problema ng kabuhayan ng buong bayan.

Naging bukas ang gubyernong Duterte sa mga solusyong inihahain ng NDFP at nakaabot sa ika-apat na round ang usapang pangkapayapaan. Ngunit ilang ulit na ring nagpaurong-sulong ang GRP. Ilang ulit nang nagbago ang isip ni Duterte at nakapagbitiw pa nga ng maaanghang na salita laban sa rebolusyonaryong grupo.

Makailang ulit din niyang tinawag na terorista ang CPP-NPA-NDFP at nagbanta pa na ipaaarestong muli ang peace consultants ng NDFP. Ang mga banta ni Duterte na "pagpatag sa mga burol" at "all-out war" ay aktwal nang nakaapekto sa buhay at kabuhayan ng masang magsasaka sa buong bansa.

Kumakatok na sa ika-5 round ang usapang pangkapayapaan. Subalit sadyang hindi titigil ang naghaharing-uri at militarista na sumasabotahe rito.


Direkta na ring naka-apekto sa usapang pangkapayapaan ang Martial Law at panghihimasok ng mga tropa ng US sa Mindanao.

Sa iba't ibang bahagi ng bansa, inilulunsad ang mga pag-aaral hinggil sa kahalagahan ng CASER.

Bago ang muling pagbubukas ng peace talks sa Agosto, inaasahang mabubuo ang isang komon na borador para sa repormang agraryo at pagpapaunlad sa kanayunan (rural development) na pangunahing nilalaman ng CASER. Ngunit nariyan pa rin ang banta ng pagkakaantala, kundi man tuluyang pagguho ng usapang pangkapayapaan.

Kailangang paigtingin ang panawagan na isulong ang tunay na pagbabagong panlipunan.

Hindi mananahimik ang mga magsasaka, manggagawa at buong pambansa-demokratikong kilusan sa pagsusulong ng tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon bilang batayan ng tunay at pangmatagalang kapayapaan.





**SENTENARYO NG REBOLUSYONG OKTUBRE.** *Inilunsad sa Unibersidad ng Pilipinas ang pagdiriwang sa ika-100 taon ng Rebolusyong Oktubre (October Revolution Centennial Celebration) sa isang porum at pangkulturang produksyon, Mayo 5. Isandaang boses mula sa iba't ibang sektor ang umawit ng "International," ang pandaigdigang awit ng kilusang proletaryo.* LARAWAN NI NEIL AMBION.

## *Mga artista't manggagawang pangkultura, aktibo sa kampanyang "buwagin ang mga hacienda"*

Umugong ang panawagang "buwagin ang mga hacienda at plantasyon!" sa pagpasok ng taong 2017. Kapansin-pansin ang mainit na pagsuporta ng iba't ibang sektor kabilang na ang mga artista at manggagawang pangkultura.

Naging katuwang ang mga artista sa pagpapakalat ng panawagang #OccupyLuisita. Nitong Abril 23, naging matagumpay ang Gabi ng Pagkakaisa bunsod ng mga pangkulturang pagtatanghal na nagbigay ng tapang at ahitasyon sa mamamayan ng Luisita.

Tumatak din ang iba't ibang anyo ng pagsuporta sa kampanyang #OccupyLapanday. Isang virtual exhibit ang inilunsad ng grupong W.A.L.A. na pinamagatang Slaverlands Gallery: Saging Lang Ang May Puso. Ang pamilyang Lorenzo na may-ari ng Lapanday ang siya ring nagmamay-ari ng Silverlens art gallery sa Makati.

Sa kampuhan ng MARBAI sa Mendiola, agad na dumagsa ang mga artista at manggagawang pangkultura upang magbigay ng tulong materyal gaya ng pagkain, tubig at iba pa. Naglunsad din sila ng art workshops at nag-alay ng mga pagtatanghal sa kampuhan ng MARBAI sa DAR at Mendiola.

Pinagtulungan ng mga artistang nakapaloob sa alyansang #StopKillingFarmers at Artists for Kidapawan ang pagtatayo ng "Payag-payag sa MARBAI" (Kubo ng MARBAI) sa Mendiola.

Ang "payag-payag" ay nagsilbing espayo upang idispley ang mga likhang-sining at litrato na naglalarawan sa pakikibaka ng mga magsasaka.

Itinayo naman ang alyansang SAKA o Sama-samang Artista para sa Kilusang Agraryo nitong Hunyo 25, bilang pakikiisa sa panawagan para sa tunay na repormang agraryo.

Inaasahan ang mas masiglang paglahok ng mas marami pang progresibong artista sa mga susunod na aktibidad at pagkilos ng kilusang magbubukid.

## *13 oras na welga, tagumpay!*

NAPAGTAGUMPAYAN ng mga manggagawang agrikultural sa Compostela Valley ang welga na tumagal lamang ng labing tatlong oras. Nagwelga ang mga manggagawa mula sa Maparat-Montevista Workers' Union (MaMWU) noong Abril 18 laban sa ipinatutupad na sistemang pakyaw ng Sumifru. Ang Sumifru ay isang dambuhalang kumpanyang Hapones na prodyuser ng pang-eksport na saging o cavendish banana.

Sa sistemang pakyaw, ang manggagawa na nagtatrabaho ng higit na 12 oras o dagdag na apat na oras na overtime ay kikita lamang ng P341 (P28.42/hour), samantalang maaari silang kumita P495.40 (P41.28/hour) kung sila ay babayaran sa kada oras ng paggawa.

Nagkasundo ang MaMWU at Sumifru kasama ang ilang ahensya sa paggawa na ipawalang bisa ang sistemang pakyaw, 13 oras lamang matapos ilunsad ang welga. Ang MaMWU ay kabilang sa National Federation of Labor Unions - Kilusang Mayo Uno (NAFLU-KMU). Itinuturing itong isa sa pinakamaiiksing welga na napagtagumpayan sa pamumuno ng KMU.

BALITA




KILOS-PROTESTA NG MGA SAKADA AT OGYON-UMA SA CAGAYAN DE ORO CITY, ENERO 2017

# MGA SAKADANG INALIPIN SA LUISITA, TULOY ANG LABAN!

Nagpahayag ang mga sakada na inalipin sa Hacienda Luisita na itutuloy nila ang kasong isinampa nila laban sa Greenhand Labor Service Cooperative, Agrikulto Inc., at Central Azucarera de Tarlac (CAT).

Ito ay sa kabila ng natatanggap nilang pananakot at banta upang iatras ang kasong sinampa nila sa National Labor Relations Commission (NLRC) sa City of San Fernando, Pampanga.

Maliban sa NLRC, nagpahayag din ang mga sakada na magsasampa rin sila ng kasong kriminal na human trafficking laban sa mga kumpanyang ito na pag-aari ng mga Cojuangco-Aquino at Lorenzo.

Ang mga Lorenzo ay may-ari rin ng Lapanday Foods Corporation, na notoryus sa pangangamkam ng lupa at pagsasamantala sa mga manggagawang agrikultural sa iba't ibang panig ng Mindanao.

Aabot sa 864 ang kabuuang bilang ng mga sakadang nirekrut ng Greenhand mula sa 3 rehiyon ng Mindanao.

Sa bilang na ito, 118 ang direktang tinulungan ng UMA. Nailigtas o ni-rescue ang 52, habang 44 ang naugnayan ng mga unang nakatakas, isa ang natulungan ng Pamanggas KMP sa Panay, at 21 naman ang pinaderetso sa DSWD.

Ilan sa kanila ay di na naswelduhan at tumakas na lang na wala pang isang linggo sa trabaho dahil sa bigat ng kanilang gawain. Halos lahat ng naiwang sakada ay binayaran sa mala-aliping sahod na ang pinakamababa ay P50 kada linggo o P 7.14 sa isang araw.

Tumulong ang DSWD sa mga suplay at pagpapauwi sa mga sakada, habang ang DAR ay naglaan ng pansamanatalang matutuluyan at pagkain. Malaki rin ang naibigay na tulong gaya ng damit, pagkain at suportang moral ng iba't-ibang indibidwal at grupo mula nang isapubliko ng UMA ang isyu ng mga sakada.

Inimbestigahan din ng upisina ni Usec. Joel Maglunsod ng DOLE ang kaso ng mga sakada na humantong sa pagkakansela ng permit to operate ng Greenhand at pinagbawalan na itong magrekrut ng panibagong mga manggagawa.

Patuloy na inuugnayan ng UMA ang mga sakada sa pamamagitan ng mga lokal nitong tsapter sa Bukidnon, Compostela Valley at Socsargen. Marami sa mga sakada ang naging miyembro ng OGYON-Bukidnon, at UMA sa Southern Mindanao Region at Socsargen.